

**PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE**  
**News and Information Bureau**

**INTERVIEW WITH PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE**  
**BY ALEX SANTOS AND VIC DE LEON LIMA - SANTOS AT LIMA - DWIZ**  
**OCTOBER 5, 2020/6:4-6:57 AM**

**Q:** Sec., magandang umaga po. This is Vic Lima and Alex Santos sa DWIZ.

**SEC. ROQUE:** Magandang umaga po sa dalawang ini-idolo sa broadcast industry at congratulations sa inyong bagong programa. Talagang this is the ideal tandem.

**Q:** Salamat po. Mabuti pa kayo naniniwala sa amin. Anyway, kumusta po ang biyahe ninyo rian?

Siyempre hindi natin maaalis sa ilang Pilipino iba-bash kayo. Pero ako I like it, dahil direct from the horse's mouth. Secretary Roque, kumusta na ang Boracay? Sa inyo ko tatanungin ngayon dahil nandiyan kayo, di ba.

**SEC. ROQUE:** Wala pa pong kasing ganda ang Boracay. Alam mo Vic and Alex 1987 pa lang naririto na ako. Iyong ako po ay naging abogado ng halos lahat ng resort naging kliyente ko, dahil ako po kapag tinatanong ano ba ang field of specialization mo, ang sinasabi ko beach law 'no. So nakita ko po talaga ang Boracay na wala pang ilaw at ngayon po ay fully developed.

So napakaganda po ng Boracay, ang laki po ng nagawa noong clean up ni Presidente Digong at siyempre po dahil nagkaroon ng pandemya, nagkaroon ng pagkakataon ang kalikasan na maka-recover, kaya walang kasing ganda po ang Boracay.

Pero medyo malungkot po, kasi lilimang restaurants lang po ang bukas, ang dumarating pong turista noong unang araw 17, noong pangalawang araw 22 at noong dumating po kami 55. Pero marami na pong kasama diyan na taga-media, marami na pong kasama diyan na taga-PTV 4.

So actually kung aalisin mo kami, mga 44 siguro po ang dumating. At siyempre po ang binabalita ng mga tao rito, kung hindi darating muli ang turista eh pati iyong mga kaunting establishments na bukas na, baka magsarado uli. At saka iyong mga eroplano, bagama't sila ay nag-resume na ng flights eh baka magsarado ulit kasi talagang mga 20% lang ang laman ng mga eroplano.

So nananawagan po tayo sa ating mga kababayan na nais na magkaroon ng kumbaga ay break from quarantine, bukas na po ang Boracay, wala na pong edad na pinagbabawal dito, ke bata, ke matanda, ang kinakailangan lang po magrehistro doon sa webpage ng Aklan government,

magkaroon ng PCR test at napakabilis naman po ng proseso dahil mayroon na silang QR system, ginagamit na lang po iyong computer na parang baril at mabilis po ang pagpasok.

**Q:** Kayo po ay nagpunta rian, well of course unang-una, para makita ang sitwasyon. Diyan po kayo mamaya magpe-presscon?

**SEC. ROQUE:** Dito po ang presscon natin, sana nga po ay mas maaga iyong presscon namin, pero hindi naman naming inaasahan na si Sec. Berna mag-i-isolation. So ang plano po dapat noong October 1 si Sec. Berna, pero in isolation po siya ngayon.

So medyo mahirap din po iyong proseso na makarating dito dahil nga may PCR test at lahat. So, kaya nga lang po ang nakarating.

Pero ang ating layunin po, 30,000 pong hanapbuhay ang mayroon dito sa Boracay, siyempre po nawala iyan noong panahon ng pandemya. Ngayon po mga 5% ay bumalik na para magtrabaho. Sana po mas marami pang mga taga-Caticlan, taga-Malay at saka Aklan ang magkaroon ng hanapbuhay kung bibisita tayo sa Boracay.

**Q:** Secretary, batid naman po natin ang nakakapagbigay rin po para sumigla po ang ekonomiya diyan sa Caticlan, specifically sa Boracay, dapat po talaga ang mga foreign tourist po ano. Nasa pipeline na ho ba ng ating IATF at ng ating Pangulong Duterte na we can welcome the foreign tourist na po ba?

**SEC. ROQUE:** Mayroon na pong mga pinag-aaralan sa totoo lang po, iyong tinatawag nilang mga 'travel bubbles.' Ang ibig sabihin po noon, iyong mga lugar na mababa na ang kaso ng COVID-19 ay didiresto sila sa mga destination, mayroong PCR, tapos hindi na lalabas, tapos uuwi na pabalik sa kanilang bayan.

Ang nagiging problema para sa foreign tourist iyong 14-day quarantine pagbalik ng kanilang bansa. Kasi ang mga pinakamaraming turista dito iyong Koreano at saka mga Tsino 'no. Eh parehong China at Korea maski makarating sila dito sa pamamagitan ng travel bubble, pag-uwi nila 14-day quarantine naman. So, iyong inaasahan natin na sana itong mga bansang ito gamitin na lang iyong ginagamit natin na quarantine pending PCR results 'no. Kasi ngayon mabilis na iyong PCR result, iyong GeneXpert na tinatawag na 45 minutes na lamang 'no.

**Q:** Pero kayo dumaan kayo sa ganoon, sa PCR?

**SEC. ROQUE:** Ay kaya nga po hindi kami makalipad kaagad. Nag-isolation si Sec. Berna ay too late na po na hindi namin mahabol iyong a-uno 'no at saka mayroon kaming ibang lakad noong araw na iyon. Pero ngayon po darating po si Governor, darating si Mayor, darating ang halos lahat ng local media. Kumbaga maski a-uno po bukas, ngayon po iyong big media event na mangyayari dahil mayroon nga pong nanggaling sa Malacañang, sa Gabinete ni Presidente.

So inaasahan po natin na mabubuhay muli ang Boracay, ang ating panawagan ay kaya naman nating mabuhay kasama ang COVID basta pag ingatan natin ang ating mga buhay para tayo ay makapaghanapbuhay at bigyan naman natin ang hanapbuhay itong mga nasa sektor ng turismo dito sa Boracay.

**Q:** Secretary, hindi po ba ninyo hihikayatin si Presidente na pumunta riyan?

**SEC. ROQUE:** Pagkagaling ko po dito didiretso po ako sa Malacañang, sasabihin ko po, kasi talagang nahabag po ako bilang isang halos taga-Boracay na since 1987, nahabag po talaga ako na talagang halos... kakaunti lang talaga ang bukas sa istablisyemento—

**Q:** Nakikita ko sa video walang tao talaga eh.

**SEC. ROQUE:** Although napakaganda ng beach na walang tao, di kagaya dati na parang ang daming tao sa beach 'no, eh ngayon talaga although napakaganda niya dahil solo namin ang isla, ang katotohanan, nako ang dami pong nagugutom ngayon dahil walang hanapubuhay.

**Q:** Pero, Secretary kita naman ninyo ngayon dahil nag-i-invite po kayo na makadalo diyan sa Boracay. Binabanatan ho kayo bakit po kayo nag-i-invite eh may COVID pa?

**Q:** Oo nga, Secretary how do you answer that?

**SEC. ROQUE:** Binuksan na po natin ang turismo kasi nga po—at saka ito po ay maski galing kayo sa Metro Manila, dahil nga po kailangan nating tanggapin na magtatagal ang COVID hanggang walang bakuna, hanggang walang gamot, pero meanwhile kinakailangan makapagtrabaho ang ating mga kababayan.

So iyong ating bagong kampanya nga po, iyong ingat buhay para sa hanapbuhay. Ang sinasabi ni Presidente, puwede naman po na mabuhay tayo, puwede tayong maghanapbuhay, basta mag-mask, hugas, iwas.

**Q:** Secretary, tungkol naman sa problema po sa House of Representatives. I'm sure lagi po ninyong binabanggit na iwas po ang Malacañang po dito dahil sa independency po ng House of Representatives. Pero sigurado na po na mayroon po tayong bagong Speaker ba by October 14, iyan po ba iyong ipinaabot po ng liderato ng Kamara?

**SEC. ROQUE:** Alam po ninyo nag-iingat po ako dito sa isyung ito dahil talagang ang hinihingi sa akin ay ang posisyon ng Presidente. Kaya po ako, kapag hindi galing sa bibig mismo ng Presidente ng narinig ng aking tenga, hindi ko po sinasabi.

Kung maalala po ninyo noong unang nagpulong sila sa Malacañang, dahil wala ako doon at pinili ko naming wala ako doon 'no, ay hindi po ako nagsalita. Kanya-kanyang panig, kampo ang nagsalita at depende kung sino ang tanungin mo, siyempre pabor sa kanila. Pero noong matapos po iyong pangyayari sa House na nag-resign, tapos nagbotohan na huwag tanggapin

ang resignation, talagang kinulit ko po si Presidente at ang sabi lang niya, 'out tayo diyan, no comment tayo diyan at that is a purely internal matter of the House of Representatives.' So hindi ko po dinadagdagan, hindi ko po binabawasan.

At iyong susunod na araw po na nagpulong sila ni Presidente, ang kumpirmado ko naman pong sinabi ni Presidente, 'basta desisyon iyan ng Kamara de Representante.' At noong bago pa po iyan, siguro mga mga two weeks ago na natanong ko rin siya tungkol dito, ang sabi naman niya, 'sana sundin ang kasunduan, pero kung walang numero talaga si Congressman Lord Allan ay wala akong magagawa.'

So, iyon po iyong mga statements talaga na personal na narinig ko at hindi po ako lumalabas diyan, dahil maselan nga pong usapin ito. Kasama ko po ng 17<sup>th</sup> Congress si Congressman Lord Allan noong ako ay nagkongresista rin at si Speaker Alan ay nakasama ko rin sa Gabinete 'no. So, talagang ipit po tayo diyan—

**Q:** Tama rin si Presidente, Secretary. Unang-una, hindi talaga dapat maki-alam ang Malacañang; pangalawa, may number si Cayetano; number three, internal matter na iyon. Talagang okay na iyong statement ni Presidente, no more no less. Wala ng magsasalita ulit sa Malacañang dapat.

**SEC. ROQUE:** Opo at hindi ko na po dinadagdagan, hindi ko po binabawasan hanggang diyan lang po tayo.

**Q:** Tama hatakin n'yo nga si Presidente rian para makapagpahinga.

**SEC. ROQUE:** Opo, mamaya po ay magpupulong kami at magkakaroon po ng talumpati sa taumbayan muli ang Presidente at magre-report po talaga ako sa kanya bilang ako po yata iyong kauna-unahang Gabinete na nakarating dito mula noong nagbukas. Sasabihin ko nga po malaki ang magagawa kung siya ay makakapasyal dito sa Boracay, dahil ito naman po iyong major... at saka Baguio, dalawang lugar na major areas na binuksan natin para sa turismo.

**Q:** Anyway, Secretary, maiba po tayo. Dahil nga po dito sa nangyari kay Presidente Donald Trump, mayroon na po bang statement from the President, sir?

**SEC. ROQUE:** Well, hahayaan ko sana na si Presidente ang magsalita kasi, kapag ganyan ang mga pangyayari na mga head of state, mas maganda ng manggaling kay Presidente, kaya hindi po ako nag-i-isyu ng statement dahil alam ninyo bagama't ang Presidente ay talagang mayroong sinusulong na independent foreign policy ay nagkaroon po sila ng malapit na mgkakaibigan din ni Presidente Trump.

So, I'm sure po the President is wishing President Trump well; he hopes he will get soon at kung ano bang maitutulong ng Pilipinas, of course he will be able to assist them any which way we can do it. Pero inaasahan natin na baka isa ito sa mga bagay-bagay na i-address ni Presidente mamayang gabi po.

**Q:** One more thing po, Secretary, ang mga estudyante po natin sa public schools eh magsisimula na ngayon. Ano po ang mensahe po ng Malacañang sa kanila?

**SEC. ROQUE:** Well, excited po tayo para sa lahat ng mga mag-aaral at sa kanilang mga magulang. Alam naman po ninyo bagama't may pandemya, kung dapat tayo ituloy natin ang hanapbuhay para tayo ay mabuhay; ang mga kabataan maski mayroon pong pandemya, kinakailangan ituloy ang pag-aaral. At kampante po kami na iyong karagdagang panahon na ibinigay natin para sa DepEd na maghanda ay magresulta sa mas kakaunting mga magiging problema.

Hindi po natin pinapangako na magiging perpekto dahil first time po ito na ganito ang ating pag-aaral, pero ganunpaman inaasahan natin na mas kaunti ngayon ang magiging mga problema at kung mayroon man ay bibigyan natin ng solusyon sa lalong mabilis na panahon.

**Q:** Ok. Sige puwede nang mag-breakfast, Secretary. Thank you.

##

--

*News and Information Bureau-Data Processing Center*